Mensahe Dalawa

## Nararanasan ang Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng Pamumuhay sa Dibinong Pag-iibigan

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 3:14-19; A. A. 1:2-3; 3:6; 4:7, 15; 6:4; 8:6-7; Apoc. 19:7; 21:2

**I. Ang Biblia ay isang pag-iibigan, sa pinakadalisay at pinakabanal na pakahulugan, ng isang pansansinukob na mag-asawa—ang Diyos kay Kristo bilang Kasintahang lalaki at ang tinubos na bayan ng Diyos bilang kasintahang babae—Juan 3:29; Mat. 25:6; Apoc. 19:7; 21:2; 22:17:**

A. Sa buong itinagal ng mga siglo, ang Diyos ay may pakikipag-ibigan na sa tao; nilikha Niya ang tao na may layuning magkaroon ng isang kapareha—b. 17.

B. Ang Diyos ay isang mangingibig, at nilikha Niya ang tao sa larawan ng Kanyang sarili bilang isang mangingibig; nangangahulugan ito na nilikha Niya ang tao upang ibigin Siya ng tao—Marc. 12:30; Efe. 3:14-19.

C. Ang buong Biblia ay isang dibinong pag-iibigan, at ang Awit ng mga Awit ay isang pinaikling anyo ng pag-iibigang ito—1:2-3; 8:14:

1. Ang Biblia ay isang romantikong aklat, at ang ating relasyon sa Panginoon ay dapat maging higit at higit pang romantiko—A. A. 4: 7.
2. Kung walang pag-iibigan sa pagitan natin at ng Panginoong Hesus, sa gayon tayo ay mga relihiyosong Kristiyano, hindi mga romantikong Kristiyano—1:2-3.
3. Sa kabuoan, ang Biblia ay isang salita ng dibinong pagliligawan; sa Biblia, makikita natin na hinahangad ng Diyos ang ating pag-ibig—2 Cor. 11:2.

D. Kung tutuparin natin ang nanliligaw na salita ng Diyos, kailangan natin ng isang tumutugon, mapagmahal na pag-ibig para sa Kanya; ang ganitong uri ng tumutugon, mapagmahal na pag-ibig ay inilalarawan sa Awit ng mga Awit, kung saan mayrooon tayong isang larawan ng pag-ibig sa pagitan ng Sinisinta at ng Kanyang iniibig—1:2-4; 2 Cor. 5:14-15; Juan 14:21, 23:

1. Ang paksa ng Awit ng mga Awit ay ang kasaysayan ng pag-ibig sa isang ekselenteng pag-aasawa, inihahayag ang sumusulong na karanasan ng mapagmahal na pakikipagsalamuha kay Kristo ng isang indibidwal na mananampalataya—1:2.
2. Ang Awit ng mga Awit ay isang kahanga-hanga at malinaw na larawan, sa isang patulang anyo, ng pangkasal na pag-ibig sa pagitan ni Kristo bilang Kasintahang lalaki at ng Kanyang mga mangingibig bilang Kanyang kasintahang babae—2:4; 6:3; 7:11-12; 8:5-6, 14.

**II. Sa Awit ng mga Awit ay makikita natin ang ugnayan sa pagitan ng karanasan sa dibinong pamamahagi at pamumuhay sa dibinong pag-iibigan:**

A. Kung talagang iniibig natin ang Panginoon, tiyak na tayo ay magkakaroon ng paglago at transpormasyon sa buhay—2 Cor. 5:14-15; 3:18.

B. Sapagkat lubos na iniibig ng naghahanap na isa ang kanyang sinisinta sa Awit ng mga Awit, nararanasan niya ang dibinong pamamahagi, at may isang patuloy na pagbabago sa kanyang paglago sa buhay—1:2-3, 4b, 9, 12, 15; 2:2, 14; 3:6-7; 4: 7, 12-15; 6:4, 10, 13a.

C. Anuman ang iniibig ng isang tao, ang kanyang buong puso, ang kanyang buong katauhan pa, ay nakatuon at naookupahan at naaangkin nito—1 Tim. 6:10-11; 2 Tim. 3:2-4; 4:8, 10a; Tito 1:8:

1. "Ang ibigin ang Diyos ay nangangahulugang ilagak ang ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan, kasama ang puso, kaluluwa, kaisipan, at kalakasan (Marcos 12:30)—nang lubusan sa Kanya, yaon ay, ang hayaan ang ating buong katauhan na maokupahan Niya at mawala sa Kanya, nang sa gayon ay maging lahat-lahat Siya sa atin at tayo ay praktikal na kaisa sa Kanya sa ating pang-araw-araw na buhay" (talababa 3 sa 1 Cor. 2:9).
2. Ang ibigin ang Panginoong Hesus ay ang pahalagahan Siya, ang ituon ang ating katauhan tungo sa Kanya, ang magbukas sa Kanya, ang tamasahin Siya, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto, ang maging kaisa Niya, ang ipamuhay Siya, at ang maging Siya—Mat. 26:6-13; 2 Cor. 3:16; Marc. 12:30; Col. 1:18; 1 Cor. 6:17; Fil. 1:20-21; *Mga Himno,* #477, saknong 2.

**III. Ang Tirzah at Herusalem ay sumasagisag sa santuwaryo ng Diyos, sa pinananahanang lugar ng Diyos, kasama ang banal na lunsod ng Diyos na nakapalibot dito upang maging pananggalang nito—A. A. 6:4a:**

A. Kapag ang mangingibig ni Kristo ay naging kaisa ng Diyos upang maging pinananahanang lugar ng Diyos, sa mga mata ng Diyos siya ay kasingganda ng Tirzah at kasingkaaya-aya ng Herusalem.

B. Sa pamamagitan ng kanyang pamumuhay sa umakyat sa langit na Kristo sa pagkabuhay na muli, ang mangingibig ni Kristo ay gumugulang sa kayamanan ng buhay ni Kristo sa gayon ay nagiging pagtatayo siya ng Diyos, ang santuwaryo ng Diyos at ang pananggalang nito—cf. Gen. 2:8-12, 18-24; 1 Cor. 3:9-12.

C. Ang mangingibig ni Kristo ay namumuhay sa Kabanal-banalan, ang panloob na silid ng makalangit na santwaryo, sa loob ng tabing, nararanasan ang pag-akyat sa langit ni Kristo sa pamamagitan ng krus matapos ang kanyang karanasan sa Kanyang pagkabuhay na muli—A. A. 4:8.

D. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon ng pinakamainam na pag-ibig, tayo ay nailalakip tungo sa Tres-unong Diyos upang maging Kanyang pinananahanang lugar—Apoc. 2:4; Juan 14:20-21, 23; Efe. 3:17:

1. Ang pag-ibig sa loob ng Diyos ang nagbibigay sa Kanya ng pagnanasa na maipagkaisa, maihalo, at mailakip sa atin, at ang pag-ibig din na ito sa loob natin ang nagbibigay sa atin ng pagnanasa na maipagkaisa, maihalo, at mailakip sa Kanya—1 Juan 4:19, 8, 16.
2. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon ng pinakamainam na pag-ibig at sa pamamagitan ng pakikilahok sa bawat aspekto ng dibinong pag-iibigan, tayo ay nagiging ang Bagong Herusalem, na siyang ang pinalaking Kabanal-banalan—A. A. 1:2-3; 2:14; 4:8; 6:4; Apoc. 21:9-10.

E. Ang maging santuwaryo ng Diyos ay ang maitayo (kaugnay sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo) sa paglago sa buhay ni Kristo kalakip ang di-malirip na kayamanan nito hanggang sa paggulang—Efe. 4:12-16:

1. Sa Lumang Tipan ang pagtatayo ng Diyos ay isinasagisag ng Tirzah at Herusalem; sa Bagong Tipan ito ay ang organikong Katawan ni Kristo—Efe. 4:16.
2. Ang pagtatayo ng Katawan ni Kristo ay organiko at nakasalalay sa ating paglago at paggulang sa buhay—b. 15.
3. Sa kasukdulan, ang pagtatayong ito ng organikong Katawan ni Kristo, na siya ring asawa ni Kristo (5:25-32), ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem, ang banal na lunsod bilang

kasukdulan ng Kabanal-banalan, ang mutuwal na pinananahanan ng Diyos at ng Kanyang tinubos sa kawalang-hanggan—Apoc. 21:2-3, 16, 22.

**IV. Sa paggulang sa buhay ni Kristo, ang mangingibig ni Kristo ay nagiging ang Shulamita, nangangahulugan na siya ay naging ang pagpaparami at duplikasyon ni Kristo upang makatugma Niya para sa kanilang kasalan—A. A. 6:13:**

A. Paulit-ulit na sinasabi sa atin ng Biblia na ang intensiyon ng Diyos ay ang gawin ang Kanyang sarili na kaisa natin at ang gawin tayong kaisa Niya—pareho sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos—Apoc. 21:2; 22:17.

B. Kapag isinasaalang-alang natin kung paano makararating sa mataas na rurok ng dibinong pahayag—ang Diyos na naging tao upang gawing Diyos ang tao sa buhay at kalikasan—hindi tayo dapat magtiwala sa ating sarili kundi dumepende sa Panginoon bilang pag-ibig, kapangyarihan, at awa upang gawin tayong mga sisidlan ng awa, karangalan, at kaluwalhatian—A. A. 8:5-6.

*© 2022 Living Stream Ministry*